**Rob Bonta, Attorney General**

| | |
|---|---|
| **Kagawaran ng Hustisya ng California**<br>**DIBISYON NG TAGAPAGPATUPAD NG BATAS**<br>**John Marsh, Hepe** | ***INFORMATION BULLETIN*** |

| *Paksa:* | *No.* | *Impormasyon para sa Pakikipag-ugnayan:* |
|---|---|---|
| **Mga Legal na Karapatan ng Publiko sa Panahon ng mga Protesta, Demonstrasyon, at Pagtitipon** | 2023-DLE-09<br>*Petsa:*<br>10/20/2023 | Programa ng mga Serbisyo sa Kliyente<br>dojcsp@doj.ca.gov |

**PARA SA: LAHAT NG HEPE NG PULISYA, SHERIFF, at EXECUTIVE NG MGA AHENSYANG NAGPAPATUPAD NG BATAS NG CALIFORNIA**

Ang bulletin na ito ay nagbibigay ng patnubay sa estado ng California at lokal na mga ahensyang nagpapatupad ng batas tungkol sa mga legal na karapatan ng publiko sa mga protesta, martsa, demonstrasyon, rally, at katulad na pagtitipon sa ilalim ng mga Konstitusyon ng United States at California, at pang-estado at pederal na batas. Hinihimok namin ang lahat ng ahensyang nagpapatupad ng batas na ipatupad ang mga patakaran at gawin nang naaayon sa mga batas na ito, at sanayin ang kanilang mga tauhan nang naaayon.

## I. Mga Proteksyon para sa Kalayaan sa Pagsasalita

### A. Pangkalahatang Proteksyon

#### 1. Ang Karapatang Magtipon

Ang mga indibidwal ay may pangunahing karapatan, na ginagarantiyahan ng Konstitusyon na magtipon, magsagawa ng demonstrasyon, at magprotesta.[1] Sa ilalim ng First Amendment, dapat bigyan ang sinuman sa United States ng kakayahang ma-access ang anumang lugar na dati nang bukas sa publiko at kung saan "may malaking positibong papel ang pampublikong access," maliban kung napatunayang kailangang isara ang lugar upang maibigay ang isang nangingibabaw na interes, at iniakma ang naturang aksyon upang maibigay ang interes na iyon. Kasama sa mga karaniwang halimbawa ng naturang pampublikong lugar ang, pero hindi limitado sa, mga pampublikong kalye, parke, at bangketa.[2]

Kakailanganin lamang ang mga permit para sa mga martsa at demonstrasyon na "makatotohanang nagdudulot ng matinding trapiko, banta sa kaligtasan, at malulubhang alalahanin sa paggamit, *na mas higit pa* kaysa sa pang-araw-araw na ordinaryong paggamit ng mga lansangan at bangketa."[3] Tulad ng ibang oras, lugar, at uri ng mga paghihigpit, ang pagpoproseso para maaprubahan ang mga permit ay dapat na kasiyasiya at walang kinikilingan, hindi ito maaaring magbigay ng napakalawak na kakayahan sa mga opisyal ng gobyerno at tagapagpatupad ng batas na magpasya ayon sa kanilang kagustuhan, ito ay dapat na lubos na naiakma, at

---

1. *Collins v. Jordan* (9th Cir. 1996) 110 F.3d 1363, 1371 ("Ang mga aktibidad na tulad ng mga demonstrasyon, martsa ng protesta, at picketing ay malinaw na pinoprotektahan ng First Amendment.").
2. *Index Newspapers LLC v. United States Marshals Service*, *supra*, 977 F.3d at pp. 829-831 (citing *Press-Ent. Co. v. Superior Court of Cal.* (1986) 478 U.S. 1).
3. *Santa Monica Food Not Bombs v. City of Santa Monica* (9th Cir. 2006) 450 F.3d 1022, 1039 (idinagdag ang diin).

mag-iwan ng maraming bukas na alternatibo para sa pagsasalita.[4] Bagama't sa pangkalahatan ay kinakailangan ang maikling tagal ng paunang abiso, dapat magbigay ng allowance ang mga proseso ng permit para sa pagsasalita na tumutugon sa mga breaking news.[5]

Bukod pa rito, sa pangkalahatan ay dapat payagan ang mga protesta at pagtitipon upang maabot ang target nilang madla.[6] Hangga't maaari, dapat makipagtulungan ang mga tagapagpatupad ng batas sa mga organizer upang matiyak na sila ay makapagtipon at makakapagprotesta, habang pinapaliit ang mga epekto sa trapiko at kaligtasan.

2. **Ang Karapatang Magrekord:** Sa pangkalahatan, may karapatan sa First Amendment ang lahat ng miyembro ng publiko na magrekord ng mga bagay na may kinalaman sa pampublikong interes, kabilang ang mga protesta at pampublikong aktibidad ng tagapagpatupad ng batas.[7] Ang simpleng pagkuha lamang ng litrato o audio o video recording sa tagapagpatupad ng batas sa isang pampublikong lugar, o mula sa anumang lugar kung saan may karapatang magpunta ang isang tao ay *hindi* paglabag sa Penal Code section 148, subdivision (a) (resisting arrest), o maging katumbas ng paghihinala upang idetene, o posibleng dahilan para arestuhin, ang naturang tao dahil sa pagharang sa kakayahan ng isang opisyal na isagawa ang kanyang mga opisyal na tungkulin.[8]

3. **Ang Karapatang Pumuna**: Pinoprotektahan ng First Amendment ang lahat ng pananalita, maliban sa ilang partikular na tinukoy na kategorya ng pananalita.[9] May karapatan sa ilalim ng First Amendment ang lahat ng miyembro ng publiko na punahin ang mga aksyon ng tagapagpatupad ng batas.[10] Ang protektadong pananalita ay "maaaring may kasamang marubdob, mapang-uyam, at kung minsan ay hindi kanais-nais na matinding pag-atake sa gobyerno at mga pampublikong opisyal."[11]

## B. Pagbabawal sa Pananaw at Diskriminasyon sa Nilalaman

Ipinagbabawal ng First at Fourteenth Amendment ng Konstitusyon ng United States ang pagdidiskrimina sa sinumang tagapagsalita o grupo batay sa nilalaman at pananaw. "Malinaw na hindi maaaring kontrolin ng gobyerno ang pananalita batay sa mahalagang nilalaman nito o sa mensaheng ipinahihiwatig nito . . . . Sa larangan ng pribadong pananalita o pagpapahayag, maaaring hindi paboran ng regulasyon ng gobyerno ang isang tagapagsalita kaysa sa isa pa. Itinuturing na labag sa konstitusyon ang diskriminasyon laban sa

---

4. *Id*. sa p. 1037; *Shuttlesworth v. City of Birmingham, Ala.* (1969) 394 US 147, 151 (dapat mayrooong "makitid, nilalayon, at tiyak na mga pamantayan ang mga plano ng pagpapahintulot….").
5. Hindi pahihintulutan ang "pagkaantala 'ng kahit isa o dalawang araw' kapag inilapat sa 'politikal' na pagsasalita kung saan maaaring mahalaga ang elemento ng pagiging maagap." *N.A.A.C.P., Western Region v. City of Richmond* (9th Cir. 1984) 743 F.2d 1346, 1356 (sinipi ang *Carroll v. Commissioners of Princess Anne* (1968) 393 US 175, 182).
6. *Bay Area Peace Navy v. U.S.* (9th Cir. 1990) 914 F.2d 1224, 1229 ("Hindi sapat ang isang alternatibo kung hindi pinahihintulutan ang tagapagsalita na maabot ang 'nilalayong madla.'").
7. *Fordyce v. City of Seattle* (9th Cir. 1995) 55 F.3d 436, 442.
8. Pen. Code, § 148, subd. (g).
9. Halimbawa, hindi protektado ng konstitusyon ang mga tunay na pagbabanta, kahalayan, at pag-uudyok ng napipintong pagkilos na labag sa batas. *In re George T.* (2004) 33 Cal.4th 620, 634. Gayunpaman, protektado ng konstitusyon kahit ang pananalita na nagsusulong ng karahasan, paglabag sa batas, o pagpapabagsak sa gobyerno, "maliban kung nakadirekta ang naturang adbokasiya sa pag-uudyok o paggawa ng *napipintong* pagkilos na labag sa batas *at* malamang na mag-udyok o gumawa ng ganoong aksyon." *Brandenburg v. Ohio* (1969) 395 U.S. 444, 447 (idinagdag ang diin).
10. *Houston v. Hill* (1987) 482 U.S. 451, 461.
11. *New York Times Co. v. Sullivan* (1964) 376 U.S. 254, 270.

pananalita dahil sa mensahe nito."[12] "Higit sa lahat, nangangahulugan ang First Amendment na walang kapangyarihan ang gobyerno na pagbawalan ang pagpapahayag dahil sa mensahe, mga ideya, paksa, o nilalaman nito."[13]

Ang protektadong pananalita sa ilalim ng First Amendment ay hindi limitado sa verbal na pananalita pero saklaw nito ang iba pang anyo ng pagpapahayag. Pinoprotektahan ng First Amendment ang simbolikong pananalita (tulad ng pagpapakita ng simbolo sa politika) o pagpapahayag ng pag-uugali (tulad ng pagwawagayway o pagsunog ng bandila). At pinoprotektahan nito ang pananalita at pag-uugali (tulad ng mapayapang pagtitipon upang makisali sa mga protesta).

### C. Pagbabawal sa Paghihiganti

Ipinagbabawal ng First Amendment ang paghihiganti para sa pagsasagawa ng protektadong pananalita na "pumipigil sa isang taong may ordinaryong katatagan" mula sa paggamit ng kanilang mga karapatan.[14] Kasama sa ipinagbabawal na paghihiganti ang paggamit ng puwersa, labag sa batas na paghahanap at pagkumpiska, at pag-aresto nang walang malamang dahilan.[15]

Hindi kailangang maging tanging dahilan ng paghihiganti ang pananalita ng mga tao; ipinagbabawal ng First Amendment ang anumang paghihiganti kung saan ang pananalita ng mga tao ay isang "matibay o nag-uudyok na salik" para sa aksyon. [16]

### D. Tugon sa Karahasan

Hindi maaaring ipatupad o pigilan ang mga aktibidad sa First Amendment maliban kung kumilos nang ilegal o nagdulot ng malinaw at kasalukuyang panganib ng karahasan ang mga nasasangkot. Itinuturing na paglabag sa First Amendment ang mga aksyon ng tagapagpatupad ng batas upang ihinto o pigilan ang aktibidad ng pananalita bago mangyari ang ilegal na aktibidad o ang malinaw at kasalukuyang panganib ng karahasan.[17] Sa madaling salita, "hindi maaaring ipagbawal ng gobyerno ang pagalit o nakakaalab na pananalita sa isang pampublikong forum maliban kung ito ay (1) 'nilayon upang udyokan o gawin ang napipintong pagkilos na labag sa batas' *at* (2) 'malamang na mag-udyok o gumawa ng ganoong aksyon.'"[18]

Dapat lamang gawin bilang huling opsyon ang pagdedeklara na labag sa batas ang pagpupulong at pagbubuwag ng mga nagpoprotesta at isasagawa lamang kung hindi epektibo o hindi maaaring gawin ang ibang alternatibo, kabilang ang de-escalation at pag-aresto sa mga responsable sa kaguluhan. Bago buwagin ang madla, dapat magbigay ng sapat na abiso ang tagapagpatupad ng batas, kabilang ang malinaw, maririnig

---

12. *Rosenberger v. Rector and Visitors of University of Virginia* (1995) 515 U.S. 819, 828.
13. *Police Dept. of City of Chicago v. Mosley* (1972) 408 U.S. 92, 95. Ilegal ang pagbabawal sa pananalita dahil sa mga reaksyon ng mga tagapakinig nito, kabilang ang mga multa para sa pagpupulis batay sa mga reaksyon ng mga tagapakinig. *Forsyth County, Ga. v. Nationalist Movement* (1992) 505 US 123, 134-135 ("Hindi maaaring patawan ng multa ang pananalita, lalo nang hindi ito maaaring parusahan o ipagbawal, dahil lamang sa maaari itong makasakit sa grupo ng mga kasalungat nito.").
14. *Index Newspapers LLC v. United States Marshals Service*, *supra*, 977 F.3d sa p. 827.
15. *Id.*sa p. 827, n. 4.
16. *Id*. sa p. 827.
17. *Collins v. Jordan*, supra , 110 F.3d sa pp. 1371-1372 ("Ang pangkalahatang tinatanggap na paraan ng pagharap sa labag sa batas na pag-uugali na maaaring kaakibat ng aktibidad ng First Amendment ay ang parusahan ito pagkatapos itong mangyari, sa halip na pigilan na mangyari ang aktibidad ng First Amendment upang maiwasan ang posibleng labag sa batas na pag-uugali.").
18. *Id*. sa p. 1371 (sinipi ang *Brandenburg v. Ohio*, *supra*, 395 U.S. sa p. 447) (diin sa orihinal).

na mga anunsyo na nagdedeklarang labag sa batas ang pagtitipon, at dapat bigyan ng pagkakataon na sumunod ang mga ito.[19]

## II. Mga Paghahanap at Pagkumpiska

Ang Fourth Amendment ng United States. Nalalapat sa mga kalahok sa isang protesta o pagtitipon ang mga proteksyon ng Konstitusyon laban sa mga hindi makatwirang paghahanap at pagkumpiska (kabilang ang mga pag-aresto) at ang paggamit ng labis na puwersa.

### A. Pagkumpiska

Nalalapat ang parehong mga patakaran sa mga protesta, demonstrasyon, at pampublikong pagtitipon tulad ng naaangkop sa lahat ng iba pang pagkumpiska. Ang mga pag-aresto ay dapat na nakabatay sa posibleng dahilan na lumabag sa batas ang isang tao. "Mayroong posibleng dahilan kapag maniniwala ang isang maalam na tao na nakagawa ng krimen ang isang tao, batay sa kabuuang pangyayari na alam ng mga opisyal ng pag-aresto (o sa kaalaman ng iba pang opisyal sa pinangyarihan)."[20] Maaaring padapain ang isang indibidwal kapag makatwirang naghinala ang isang opisyal na "may armas at mapanganib" ito."[21]

Ang tagapagpatupad ng batas ay maaaring magsagawa ng maikling "pagpapahinto para sa pagsisiyasat kapag makatwiran at may batayan ang opisyal na maghinala na may nangyayaring kriminal na aktibidad."[22] Dapat nakabatay ang makatwirang hinala sa "mga espesipiko at may batayang katotohanan . . . na pinagsama ng mga makatwirang hinuha mula sa mga katotohanang iyon."[23] Maaaring hindi ito nakabatay sa "hindi kompleto at hindi espesipikong hinala o 'hunch . . . .'"[24]

"Dapat pansamantala ang [isang] pagpapatigil para sa pagsisiyasat at hindi magtatagal kaysa sa kinakailangan upang maisakatuparan ang layunin ng pagpapahinto. Sa katulad na paraan, ang mga gagamiting pamamaraan ng pag-iimbestiga ay dapat na ang pinakamababang nakakaabala na paraan na makatwirang available upang mapatunayan o maalis ang hinala ng opisyal sa maikling panahon."[25]

Hindi maaaring pigilan ng tagapagpatupad ng batas ang mga indibidwal para sa legal na pagrekord ng kanilang aktibidad. Dapat pahintulutan ang mga naturang indibidwal na magrekord ng aktibidad ng pulisya maliban kung aktwal na pinipigilan ng mga ito ang mga tungkulin ng tagapagpatupad ng batas.[26]

### B. Mga Paghahanap

Nalalapat ang parehong mga patakaran sa mga protesta, demonstrasyon, at pampublikong pagtitipon tulad ng lahat ng iba pang paghahanap. Sa ilalim ng Fourth Amendment, dapat isagawa ang mga paghahanap

---

19. *Nelson v. City of Davis* (9th Cir. 2012) 685 F.3d 867, 882-883.
20. *Dubner v. City & Cnty. of San Francisco* (9th Cir. 2001) 266 F.3d 959, 966.
21. *Terry v.* Ohio (1968) 392 U.S. 1, 27.
22. *Illinois v. Wardlow* (2000) 528 U.S. 119, 123.
23. *Terry v. Ohio*, *supra*, 392 U.S. sa p. 21.
24. *Ibid.*
25. *Florida v. Royer* (1983) 460 U.S. 491, 500.
26. Tingnan ang, hal., *Crago v. Leonard, K No. 0877* (E.D. Cal., Agosto 5, 2014) 2014 WL 3849954, sa *5 (sinipi ang *Glik v. Cunniffe* (1st Cir. 2011) 655 F.3d 78, 84) ("Ang gayong mapayapang pagtatala ng pag-aresto sa isang pampublikong lugar na hindi nakakasagabal sa pagganap ng mga opisyal ng pulisya sa kanilang mga tungkulin ay hindi makatwirang napapailalim sa limitasyon.").

alinsunod sa isang wastong warrant (sinusuportahan ng posibleng dahilan), maliban kung may isang eksepsiyon sa kinakailangan ng warrant, tulad ng mga insidente ng paghahanap sa isang legal na pag-aresto, dahil sa mga pangyayaring kailangan, o isang pagpapadapa.[27] Hindi maaaring isagawa ang mga paghahanap sa mga cellular phone at mga katulad na digital device sa insidente ng legal na pag-aresto at nangangailangan ito ng warrant, maliban kung mayroong mga kinakailangang pangyayari.[28]

Ang California Electronic Communications Privacy Act, na nalalapat sa lahat ng miyembro ng publiko, ay nagbabawal din sa tagapagpatupad ng batas na maghanap sa anumang elektronikong device nang walang warrant, wiretap order, o pahintulot, maliban kung matapat silang naniniwala “na nangangailangan ng access sa isang elektronikong device ang isang emergency na nauugnay sa panganib ng kamatayan o malubhang pisikal na injury sa sinumang tao.”[29] Kapag hinanap ng tagapagpatupad ng batas ang isang device batay sa isang emergency na nauugnay sa kamatayan o malubhang pisikal injury, dapat silang mag-aplay para sa isang warrant sa loob ng tatlong araw ng hukuman pagkatapos ng paghahanap.[30]

### C. Paggamit ng Hindi Nakamamatay na Puwersa

Nalalapat ang parehong mga patakaran sa mga protesta, demonstrasyon, at pampublikong pagtitipon tulad ng paggamit ng puwersa sa ibang kalagayan. Ang isang “opisyal na may makatwirang dahilan para maniwala na nakagawa ng pampublikong pagkakasala ang taong aarestuhin ay maaaring gumamit ng makatwirang puwersa upang isagawa ang pag-aresto, upang maiwasan ang pagtakas, o upang mapagtagumpayan ang paglaban.”[31] “Maaari lamang gumamit ang [isang] opisyal ng isang antas ng puwersa na makatwirang pinaniniwalaan nito na katumbas ng pinaghihinalaang pagkakasala o ang makatwirang pinaghihinalaang antas ng aktwal o nanganganib na pagtutol.”[32] Sa pagtukoy ng naaangkop na paggamit ng puwersa, dapat ding isaalang-alang ng isang opisyal kung may mga kapansanan ang taong aarestuhin.[33] Bukod pa rito, ang mga opisyal ay dapat "gumamit ng mga diskarte sa deescalation, mga taktika ng interbensyon sa krisis, at iba pang maaaring ipatupad na alternatibo kapag posible.”[34]

Walang pagkakaiba sa pagsusuri kahit na ituring ng tagapagpatupad ng batas ang isang protesta bilang isang labag sa batas na pagtitipon o isang riot. Sa katunayan, “hindi makatwiran ang paggamit ng mas mababa sa nakamamatay na puwersa sa konteksto ng isang riot laban sa isang indibidwal na hindi lumalaban.”[35]

Hindi maaaring gawing tama ng “pangkalahatang kaguluhan” o “magugulong pangyayari” ang paggamit ng puwersa laban sa mga hindi marahas, hindi nagbabanta, at hindi lumalaban na mga indibidwal.[36] Pantay itong

---

27. *Riley v. California* (2014) 573 U.S. 373, 384-385; *Kentucky v. King* (2011) 563 U.S. 452, 460.
28. *Riley v. California*, *supra*, 573 U.S. sa pp. 401-402. May mga katulad na proteksyon ang mga lokasyon ng cell site. (*Carpenter v. U.S.* (2018) 138 S.Ct. 2206, 2221.)
29. Pen. Code, § 1546.1, subd. (a).
30. Pen. Code, § 1546.1, subd. (h).
31. Pen. Code, § 835a, subd. (b).
32. Gov. Code, § 7286, subd. (b)(2).
33. *Vos v. City of Newport Beach* (9th Cir. 2018) 892 F.3d 1024, 1033-1034, cert. tinanggihan ang sub nom. *City of Newport Beach, Cal. v. Vos* (2019) 139 S. Ct. 2613.
34. Gov. Code, § 7286, subd. (b)(1).
35. *Ciminillo v. Streicher* (6th Cir. 2006) 434 F.3d 461, 468.
36. *Id*. sa p. 881.

nalalapat sa lahat ng tao, kahit na napapaligiran ang mga ito ng mga nagsasagawa ng mararahas na gawain. Sa katulad na paraan, “ang pagnanais na [mabilis na buwagin ang mga indibiduwal], kahit na walang anumang aktwal na pangangailangan, ay hindi maaaring gawing tama ang paggamit ng puwersa kapag hindi ito makatwiran.”[37]

### D. Paggamit ng Nakamamatay na Puwersa

Maaari lamang gamitin ang nakamamatay na puwersa kung makatuwirang naniniwala ang opisyal, batay sa kabuuang pangyayari, na kinakailangan ang nakamamatay na puwersa “upang ipagtanggol laban sa napipintong banta ng kamatayan o malubhang injury sa katawan sa opisyal o sa ibang tao” o upang “mahuli ang taong tumatakas para sa anumang felony na nagbanta o nagresulta sa kamatayan o malubhang injury sa katawan. . . maliban kung mahuli kaagad.”[38] “Hindi gagamit ang isang opisyal ng kapayapaan ng nakamamatay na puwersa laban sa isang tao batay sa panganib na idinudulot ng taong iyon sa kaniyang sarili, kung maniniwala ang isang makatwirang opisyal na hindi nilalagay ng tao sa napipintong banta ng kamatayan o malubhang injury sa katawan ang opisyal ng kapayapaan o ang iba.”[39] Ang isang opisyal ay dapat “magsaalang-alang sa kanyang kapaligiran at mga posibleng panganib sa mga nagmamasid, ayon sa makatwirang nasasaklaw ng mga pangyayari, bago maglabas ng baril.”[40] Bago piliin ang opsyon ng nakamamatay na puwersa laban sa tumatakas na taong nakagawa ng felony, hangga't maaari, ang opisyal ay “gagawa ng mga makatwirang pagsisikap na ipakilala ang kaniyang sarili nilang isang opisyal ng kapayapaan at magbigay ng babala na maaaring gamitin ang nakamamatay na puwersa, maliban kung makatwirang naniniwala ang opisyal na alam ng naturang tao ang mga iyon.”[41]

---

Para sa mga tanong tungkol sa Information Bulletin na ito, makipag-ugnayan sa Programa ng mga Serbisyo sa Kliyente sa dojcsp@doj.ca.gov.

37. *Id*. sa p. 880.
38. Pen. Code, § 835a, subd. (c)(1).
39. Pen. Code, § 835a, subd. (c)(2).
40. Gov. Code, § 7286, subd. (b)(6).
41. Pen. Code, § 835a, subd. (c)(1)(B).